ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLVIII Blg.5
Marso 7, 2017
www.philippinerevolution.info

## 8 sibilyan, pinatay ng mga ahente ng estado

WALONG SIBILYAN ang halos sunud-sunod na pinaslang ng mga ahente ng estado nitong nakaraang dalawang linggo. Apat sa mga biktima ay mula sa Southern Tagalog, dalawa mula sa Panay at dalawa sa Compostela Valley. Dagdag sila sa 14 nang kaso ng pamamaslang sa ilalim ng Oplan Kapayapaan ng rehimeng Duterte.

**Southern Tagalog**. Dalawang katutubo ang pinaslang ng mga elemento ng 80th IB sa Sityo Dapis, Puray, Montalban, Rizal bandang alas-10 nang umaga, Marso 2. Binaril ng nag-ooperasyong mga sundalo ang Dumagat na si Edwin Agnote at kanyang kasama sa kanilang taniman. Para pagtakpan na mga sibilyan ang kanilang pinatay, agad na naglabas ng pahayag ang militar na kasapi ng Bagong Hukbong Bayan ang dalawa. Mariin itong pinabulaanan ng mga kapamilya ng mga biktima at mga lokal na upisyal.

Kaugnay nito, hinarang ng tropa ng 8th IB ang 75-kataong tim na mag-iimbestiga sa pangyayari sa Antipolo noong Marso 4. Pinangungunahan ang grupong Karapatan-Rizal at Karapatan-ST.

Bago nito, binaril ng dalawang nakamotorsiklong lalaki si Gilbert Bancat, 32, isang magsasaka sa niyugan at lider-magsasaka ng South Quezon-Bondoc Peninsula sa Sityo Long Beach, Brgy. San Lorenzo sa San Andres, Quezon noong Pebrero 25. Kasa-

...sundan sa pahina 3




EDITORYAL

# Singilin si Duterte

Mahigit walong buwan nang nasa poder si President Rodrigo Duterte ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP). Sa kabila ng sapat na panahon, wala pa siyang nagagawang makabuluhang hakbangin upang tuparin ang kanyang mga pangakong solusyon sa malalaking problema ng bayan at patunayan ang ipinagmamalaki niyang pagiging maka-Kaliwa.

Wala pa siyang kongkretong hakbangin upang lutasin ang mga tampok na problema ng mababang sahod, malawak na kawalan ng trabaho, kawalan ng sariling lupang sakahan, kawalan ng disenteng pabahay, nagtataasang presyo ng mga bilihin at serbisyo at iba pa.

Ang mga pangakong patuloy na binibitawan ni Duterte ay lalo lamang dumaragdag sa poot ng bayan sa naghaharing sistema. Hindi mapipigilan ang patuloy na paglakas ng mga pakikibakang masa laluna sa harap ng patuloy na paglala ng iba't ibang anyo ng pagpapahirap at pagsasamantala sa mga manggagawa at iba pang inaaping uri.

Umaapaw na ang galit ng mga manggagawa sa bigong pangako ni Duterte na ibabasura ang tinaguriang "endo" o kontraktwalisasyon. Sa halip na wakasan, lalo pang pinagtitibay ng rehimeng Duterte ang "endo" sa itinutulak na "win-win solution" ng Department of Labor and Employment (DOLE) na lalong nagpapatibay sa sistema ng kontraktwalisasyon sa pagtatakda nito ng mga "pamantayan" para sa mga "labor agency." Mariin nang itinakwil ng mga manggagawa ang "solusyong" ito.

Dismayado ang mga manggagawa na walang pagsuporta si Duterte sa kanilang panawagan para sa karagdagang sahod. Taliwas dito, ang pinaiiral na mga patakarang pang-ekonomya sa ilalim ng rehimeng Duterte ay walang pinagkaiba sa nakaraang mga patakaran ng pagpigil sa pagtaas sa sahod ng mga manggagawa upang akitin ang mga dayuhang kapitalistang mamumuhunan.

Dismayado rin ang mga mang-

gagawa na wala man lamang ginawang hakbangin ang rehimeng Duterte upang ungkatin ang katotohanan sa likod ng naging malaking sunog sa pabrikang HTI sa Cavite Export Proccessing Zone (CEPZ) noong Pebrero 1-2. Wala rin siyang anumang hakbangin para tugunan ang hinaing ng mga manggagawang dumaranas ng labis na kaapihan at pagsasamantala sa loob ng mga engklabong paggawa tulad sa CEPZ.

Walang pagpapahalaga ang rehimeng Duterte ang tunay na reporma sa lupa. Nagpapahayag siya ng suporta sa pamamahagi ng mga pampublikong lupa, subalit tumatahimik sa monopolyo sa produktibong lupang agrikultural ng mga panginoong maylupa at malalaking dayuhang kapitalistang plantasyon. Lalong sumisidhi ang problema ng kawalan ng lupa at iba't ibang anyo ng pang-aagaw ng lupa. Wala pang pagsasakatuparan sa ipinangakong libreng irigasyon o iba pang suporta ng gubyerno sa agrikultura.

Tahimik na tahimik din si Duterte sa mararahas na armadong pag-atake sa mga magsasakang naggigiit ng kanilang karapatan sa lupa. Mula nang ideklara ang Oplan Kapayapaan, hindi bababa sa tatlong magsasaka kada linggo ang pinatay ng mga armadong pwersa ng estado. Dumanas rin ng armadong pagsupil ang magsasaka sa Palawan, Compostela Valley, Capiz at Negros. Wala ring imik si Duterte nang sumambulat ang usapin ng daan-daang sakada na inaalipin sa Hacienda Luisita.

Wala pang nakikitang pagbabago o mga hakbangin para baguhin ang kalagayan ng mga masang anakpawis, mga kabataan, kababaihan, estudyante, guro, mga karaniwang kawani at iba pang panggitnang saray.

Sigaw ng mga mamamalakaya ang ibasura ang Fisheries Code. Sigaw ng mga kabataan ang libreng edukasyon at pagbabasura sa K-12. Sigaw ng mga drayber at opereytor ng dyip ang ibasura ang planong "jeepney phase-out." Sigaw ng mga maralitang lungsod ang wakasan ang pribatisasyon ng serbisyong pabahay. Sigaw ng mga manggagawa at mga regular na kawani ang ibalik ang pambansang minimum na sahod. Sigaw ng bayan na wakasan ang mga pagkaltas sa badyet at gawing libre ang serbisyong pangkalusugan, pang-edukasyon at iba pang kailangang-kailangang serbisyong pampubliko.

Lahat ng mga sigaw na ito ay nilulunod ng nangingibabaw na neoliberal na boses ng dayuhang malalaking kapitalista, malalaking burgesyang komprador at uring panginoong maylupa na tunay na pinagsisilbihan ng reaksyunaryong rehimeng Duterte.

Maging ang naunang mga deklarasyong anti-US at pagkundena sa panghihimasok militar ay nananatiling palipad-hangin. Hindi lamang binawi ni Duterte ang bantang ibabasura ang Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA), pinahintulutan din niyang ituloy ng militar ng US ang plano nitong pagtatayo ng mga pasilidad at base sa loob ng mga kampong militar ng AFP para paglagakan ng mga kagamitang militar at paglunsaran ng mga operasyon.

Patuloy na malayang nakapaglalabas-masok ang mga barko at eroplanong pandigma ng US at nagagamit ang Pilipinas bilang isang malaking base militar ng US. Bigong igiit ni Duterte ang demilitarisasyon ng South China Sea sa harap ng lumalaking presensyang militar rito ng magkakaribal na pwersa ng US, China at maging ng Russia. Patuloy ding ginagamit ng imperyalismong US ang AFP upang itulak ang doktrinang *counterinsurgency* at supilin ang mga pwersang anti-imperyalista.

Taliwas sa kanyang deklarasyong maka-Kaliwa, walang pakundangan si Duterte sa paglapastangan sa mga karapatang-tao, sa tinagurian mang gera kontra-droga o sa idineklarang todong gera ng AFP. Matapos ng pakitang-taong pagtigil ng Oplan Tokhang sa harap ng malawakang pagkundena rito, itinuloy ng pulisya ang mga operasyon nito, kahit wala pang


ANG Bayan

Tomo XLVIII Blg. 5 | Marso 7, 2017

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwc.info

youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral

@prwc_info

fb.com/PhilippineRevolutionWebCentral

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal:** Singiln si Duterte 1

8 sibilyan, pinaslang 1

Panawagang #PeacetalksItuloy 4

Welga sa transportayon, inilunsad 5

Bungkalan sa Batangas, tagumpay 5

Kontraktwalisasyon, tuloy pa rin 6

Mga opensiba sa Luzon at Mindanao 6

Ang kababaihan sa Rebolusyong Oktubre 7

Ang Unang Marso 8 8



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

katarungan para sa mahigit nang 7,000 biktima ng pamamaslang ng mga pulis at *death squad* na karamiha'y naninirahan sa mga maralitang komunidad sa kalunsuran.

Sa kanayunan, walang habas ang AFP sa paglulunsad ng todo-gera para supilin ang mga pakikibakang demokratiko at ang armadong paglaban ng mamamayan. Mula North Luzon hanggang South Mindanao, kaliwa't kanan ang mga pambobomba at panganganyon, pamamaslang, iligal na pagrerekisa, pang-aaresto at pambubugbog, pwersahang pagbabakwit sa mga buu-buong baryo, okupasyon ng mga *barangay hall* at mga istrukturang sibilyan.

Sa harap ng kawalan ng tunay na pagbabago sa ilalim ng rehimeng Duterte, dapat masigasig na kumilos ang sambayanan upang singilin siya sa kanyang mga binitawang pangako. Dapat igiit ang mga hakbangin, patakaran at programang kailangang-kailangan para sa kapakanan ng mamamayan. Dapat din siyang itulak na makipagnegosasyong pangkapayapaan sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP), makipagkasundo sa mga saligang usaping sosyo-ekonomiko at pampulitika at pirmahan ang mga kasunduan kaugnay nito sa lalong madaling panahon.

Hangga't hindi pinangangatawanan ni Duterte ang sinabi niyang siya'y maka-Kaliwa at makamahirap, siya na rin mismo ang nagtutulak sa sambayanan na itakwil ang kanyang gubyerno katulad ng nagdaang mga reaksyunaryong gubyerno na kumatawan sa interes ng mga naghaharing uri at yumurak sa interes at kagalingan ng sambayanan.

Dapat ibayong palakasin ang mga pagkilos ng uring manggagawa, magsasaka at masang anakpawis, ng kabataan-estudyante, kababaihan at iba pang demokratikong sektor, para isulong at palakasin ang kanilang mga pakikibakang demokratiko, anti-imperyalista, antipyudal at antipasista, at paalingawngawin ang sigaw para sa rebolusyonaryong pagbabago ng lipunang Pilipino. AB

*"8 sibilyan...," mula sa pahina 1*

bay niyang napaslang si Angel Carabot, isa pang magsasaka, na nakaupo malapit sa kanya nang siya ay barilin nang malapitan. Dinala ang dalawa sa ospital pero kaagad na namatay si Bancat. Namatay si Carabot kinabukasan.

Kabilang si Carabot sa namuno sa kampuhan ng magsasaka sa Brgy. Camflora sa San Andres noong Pebrero para ipanawagan ang pagbaba ng upa sa lupa sa asyenda ni Vicente Uy. Kasapi siya ng Pinag-isang Lakas ng mga Magsasaka at Anakpawis Partylist.

**Compostela Valley.** Sapilitang pinasok ang bahay at binaril ng mga ahente ng militar ang mag-asawang Leonela Tapdasan Pesadilla, 55, at Ramon Dagaas Pesadilla, 59, noong Marso 2 sa Barangay Osmena, Compostela Valley. Kasapi ang mag-asawa ng Compostela Farmers Association na malaon nang lumalaban sa mapangwasak na pagmimina sa prubinsya. Aktibo silang lumahok sa mga pagkilos laban sa Agpet. Nagbigay sila ng parsela ng lupa para itayo ang isang eskwelahan ng Lumad ng Salugpungan Ta Tanu Igkanugon Learning Center sa Sityo Spur Dos, Barangay Ngan, Compostela Valley.

**Panay.** Pinaulanan ng bala ng mga elemento ng 61st IB ang isang grupo ng mga magsasaka na nagpapahinga sa kanilang sakahan sa Sityo Matnoy, Brgy. Jebaca sa Maayon, Capiz noong Pebrero 24. Kaagad na namatay sa tama ng mga bala ang magpinsang sina Ian at Lorendo Borres. Nakaligtas sa pamamaril sina Andy Borres, Alimar Borres at Perto Cargo. Tadtad ng 32 bala ang katawan ni Ian Borres.

Mariing pinabulaanan ng kapamilya ng dalawa ang kasinungalingan ng kumander ng 61st IB na mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan ang magpinsan. Anila'y hindi totoo ang ibinabalitang namatay ang dalawa sa "engkwentro" ng militar sa grupo ng isang "Ka Regan." Tanging mga baril na de-holen na karaniwang ginagamit ng mga magsasaka sa pangangaso ang dala ng magpinsan.

Nangangamba ang pamilya at kababaryo ng mga Borres na lalupang titindi ang panggigipit sa kanila ng militar. Matapos ang pamamaslang, tatlong trak ng sundalo ang pumasok sa kanilang komunidad para magsagawa ng operasyon.

Sa ngayon, mahigit 45 baryo na sa Panay ang ipinailalim ng militar sa kanilang mga operasyon. Sabay nilang inilulunsad ang mga operasyong kombat, paniniktik at pananakot sa mga residente. Bago ang pamamaslang, nagpaulan naman ng bala ang mga elemento ng isa pang yunit ng 61st IB sa Brgy. Cabatangan, Lambunao. Dulot nito, nagbakwit ang mga residente tungo sa sentro ng baryo.

**Pinatinding militarisasyon**. Noong Pebrero 18, nagsagawa ng operasyong pagtugis ang 10 elemento ng 415th Provincial Police Mobile Group laban sa mga organisador ng Pamalakaya-TK sa Sityo Dalampasigan, Brgy. Guisguis Talon, Sariaya, Quezon. Isinailalim sa interogasyon ng mga pulis ang mga residente sa lugar at pinagbantaang "huwag makisangkot" sa Pamalakaya at baka madamay sila. Nagbahay-bahay ang mga pulis para pagbantaan ang mga aktibista na pinararatangan nilang mga kasapi ng BHB.

Nakatakdang mapalayas ang mga mangingisda sa Guisguis Talon at mga kalapit na barangay (Guisguis San Roque, Castanas at Talaan Aplaya) dulot ng nakaambang kumbersyon ng lugar para pagtayuan ng isang *coal-fired power plant*. Tinatayang umaabot sa 15,000 maralitang mangingisda ang mawawalan ng lupa at kabuhayan dulot nito. Nasa kasagsagan ng laban ngayon ang mga mangingisda laban sa naturang proyekto at para sa kanilang karapatan na mangisda. AB

# Panawagang #PeacetalksItuloy, lumaganap

Nagsagawa ng mga protesta ang iba't ibang sektor at organisasyon nitong nakaraang linggo para ipanawagan ang pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP at kundenahin ang todo-gera na inilunsad ng AFP.

Kasabay nito, kinundena nila ang kaliwa't kanang pamamaslang sa mga ordinaryong sibilyan at magsasaka, pang-aaresto at panggigipit sa mga aktibista at samutsaring ligal na maniobra ng rehimeng Duterte para ipitin ang ligal na kilusang masa, gayundin ang mga konsultant ng NDFP.

Noong Pebrero 25, sa ika-31 anibersaryo ng pag-aalsang EDSA, naglunsad ng mga rali sa iba't ibang bahagi ng bansa para sa kagyat na pagpapatuloy ng usapan. Libu-libo ang nagtungo sa lansangan dala ang panawagang "Ipaglaban ang tunay na pagbabago at makatarungang kapayapaan."

Sa Metro Manila, nagtungo sa People's Power Monument sa EDSA ang mga myembro ng Bayan, kasama ang mga taong-simbahan, mga estudyante at iba pa. Mula rito, tumulak papuntang Camp Aguinaldo ang mga raliyista, dala-dala ang mga panawagang "AFP, salot sa mamamayan" at "Militar sa kanayunan, palayasin!"

Kasabay nito, tumungo ang 5,000 maralita kasama ang mga kabataan-estudyante sa embahada ng US para ipanawagan ng pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan, pagwawakas sa pamamaslang sa maralita, at igiit ang karapatan sa libre at pangmasang pabahay.

Anang mga manggagawa at maralita, walang pundamental na pagbabago sa kalagayan ng mamamayan dahil sa patuloy na dominasyon at pagsasamantala ng imperyalismong US.

Sa Camarines Sur, nagmartsa ang ilandaang mamamayan para ipanawagan ang pagsasabuhay sa diwa ng EDSA at pagpapatampok ng mga pambansa-demokratikong pakikibaka.

Sa Cebu, daan-daan ang nagtungo sa sentro ng lunsod para bigyang-pansin ang iba't ibang isyung pambayan na kailangang mapag-usapan sa negosasyong NDFP-GRP.

Sa Bacolod, kumilos din ang mga progresibong organisasyon para idiin ang pangangailangan ng usapang pangkapayapaan sa pagharap sa mga isyu ng mamamayan. Kabilang dito ang panawagang pagbasura sa Fisheries Code of 1998 na nagbigay ng malaking bentahe sa mga dayuhan at malalaking komersyal na operasyon ng pangisda at sa RA 18654 na higit pang nagpapalala sa kaayusang ito. Nagkaroon din ng katulad na pagkilos ang mangingisda sa Capiz.

Sa Surigao City, isinagawa ang Lakbayan Caraga ng 5,000 mamamayan para igiit ang pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan, pagpapatigil sa mga mapangwasak na operasyong mina at mga operasyong militar. Kasama ang Kasalo-Caraga, ipinanawagan ng mga raliyista ang paggalang sa karapatan ng mga Lumad para sa pagpapasya-sa-sarili. Sinuportahan naman ng Caraga Watch, isang malawak na alyansang kontra-mina, ang hakbang ni Sec. Gina Lopez ng Department of Environment and Natural Resources na ikansela ang mga operasyon ng mga kumpanya sa pagmimina na nasa mga *watershed*.

Noong Pebrero 27 naman, inilunsad ang mga kilos-protesta sa 16 syudad at sentrong bayan sa Mindanao para ipamalas sa rehimeng Duterte ang suporta ng mamamayan sa isla para sa usapang pangkapayapaan. Inianunsyo ng mga lider ng iba't ibang denominasyon ng simbahan ang planong paglahok ng 30,000 mamamayan sa 16 syudad sa isla.


Bago nito, naglunsad ng *walkout* ang mga estudyante ng University of the Philippines para sa libreng edukasyon, pagtatanggol ng karapatang-tao at makatarungang kapayapaan noong Pebrero 23.

Noon namang Pebrero 21, nagpiket sa harap ng Ateneo de Manila ang mga pambansa-demokratikong organisasyon kasabay ng pagbisita ni Gen. Eduardo Ano sa naturang paaralan. Kinundena nila ang *all-out war* ng AFP at ipinanawagan ang kagyat na pagpapalaya sa lider-aktibistang si Ferdinand Castillo. Inaresto si Castillo ng magkasanib na pwersa ng pulis at militar noong Pebrero 12 at pinatawan ng gawa-gawang mga kaso.



# Welga sa transportasyon, inilunsad

Matagumpay na inilunsad ng mga grupo sa transportasyon ang kanilang planong pambansang welga noong Pebrero 27. Liban sa Metro Manila, lumahok sa pagkilos ang libu-libong mga drayber at opereytor sa mga prubinsya ng Cagayan at Isabela, sa Baguio; Laguna, Bulacan, Cavite at Rizal; Sorsogon, Albay at Camarines Sur sa Luzon; Iloilo, Aklan, Capiz, Negros Occidental, Negros Oriental, Cebu at Leyte sa Visayas; Cagayan de Oro City, Bukidnon, General Santos City at sa rehiyon ng Socksargen sa Mindanao.




Sa Maynila, nagsimula ang welga mula alas-6 ng umaga sa sumusunod na sentro ng protesta: Monumento sa Caloocan City; teminal ng dyip sa Alabang, Muntinlupa; Airport Road at Quirino Avenue at Roxas Boulevard sa Baclaran; Pedro Gil at Agoncillo St sa Maynila; Aurora Boulevard sa Cubao, Quezon City; at sa interseksyon ng Bonifacio at Shoe Avenue sa Marikina; Philcoa; sa Novaliches at Taytay, Rizal.

Ayon sa ulat-koresponsal na ipinadala sa *Ang Bayan*, malaking bilang ng mga dyip ang hindi pumasada sa araw na iyon hindi lamang sa Metro Manila. Sa Cagayan Valley, kumasa ang mga drayber at opereytor sa Claveria, Aparri at Sanchez Mira sa Cagayan, at sa Cauayan at Santiago, Isabela. Sa Baguio City, muling naulit ang rali ng 550 katao. Sa Laguna, sumabay ang mga drayber at opereytor sa unang distrito. Sa Bicol, umabot ang partisipasyon sa welga sa 100% sa dyip, 85% sa traysikel at bus.

Umarangkada rin ang welga sa Iloilo (75%), Capiz (98%) at Aklan. Ang Bacolod at mga karatig ay nagtala naman ng 99%, at sa Dumaguete naman ay nakuha ang 100% na paralisasyon sa South Terminal. Umabot naman nang hanggang 80% sa Cebu City at Mandaue City ang dami ng mga dyip na hindi pumasada. Sumama rin ang Tacloban City at mga karatig sa panawagang welga, lalupa't marami pang lokal na usapin ang dulot ng panrehiyong upisina ng LTFRB.

Hindi nagpahuli ang Bukidnon, Misamis Oriental at Cagayan de Oro City sa mga lumahok sa welga. Sa General Santos City, sinabayan ng tigil pasada ang Tuna Festival, laluna't ang lokal na pamahalaan mismo ang mangunguna sa pag-*phase-out* ng mga traysikel. Nagdaos naman ng rally ang mga drayber, opereytor at sumisimpatiyang taumbayan sa Davao City.

Sa Metro Manila, umabot sa mahigit 2,000 ang natipong mga drayber at opereytor sa mga sentro ng protesta at sa mga terminal at iba pang tipunan ng mga welgista. Lumahok din ang mga manggagawa mula sa KMU, Gabriela, Migrante at iba pang sektor sa mga sentro ng protesta. Mula alas-7-9 nang umaga, mabilis na nasaid ang mga pumapasadang dyip. May mga lugar pa na nakiisa ang mga UV Express at traysikel sa welga.

Ayon sa mga tsuper, hindi sila tutol sa modernisasyon ng pampublikong transportasyon, Ang tinututulan nila ay ang korporatisasyon nito, dahil tanging malalaking kumpanya na lamang ang maaaring mag-opereyt ng mga dyip kapag ipatupad na ang Jeepney Modernization Act.

"Hindi ito simpleng *phase-out*, kundi pag*take-over* ng mga korporasyon sa sistema ng dyip," ayon kay George San Mateo, tagapangulo ng PISTON. Aabot sa 650,000 drayber at 250,000 maliit na opereytor ng dyip ang nakatakdang mawalan ng hanapbuhay dulot ng panukala.

Dahil sa malaking bilang ng drayber at opereytor na lumahok, nangakong haharapin ni Pangulong Duterte ang mga lider ng mga welgista. Kasabay nito, ipinatawag naman ng LTFRB sa pagdinig ang ilang operator na pinagbintangang lumahok sa welga.

Pinaghahandaan na ngayon ng mga drayber at opereytor ang mga susunod na sama-samang pagkilos. Sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pag-aaral sa pakanang *phase-out* at pag-uugat nito sa mga saligang usapin ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo, pagpapalawak pa ng alyansa sa iba pang ruta at probinsya, at pag-abot pa sa mga drayber at opereytor ng iba pang tipo ng pampasadang sasakyan na tiyak na tatamaan ng *phase-out,* alam ng mga welgista na tiyak ang tagumpay. AB

## Bungkalan sa Batangas, matagumpay

MATAGUMPAY NA nabalikan ng mga magsasaka sa Hacienda Roxas sa Nasugbu, Batangas ang lupang ipinagkait sa kanila ng panginoong maylupang si Don Pedro Roxas. Nakapaglunsad sila ng bungkalan para magtanim ng halamang pangkain. Naipagtagumpay nila ang kanilang laban matapos nilang itakwil ang nagpanggap na mga lider na matagal nanloko sa kanila at naglihis sa kanilang laban para sa tunay na reporma sa lupa.


Bago nito, matagumpay ding naidaos ang isang dayalogo sa pagitan ng mga magsasaka mula sa kanlurang Batangas at upisina ng Department of Agrarian Reform. Dinaluhan ito ng mahigit 200 magsasaka.

# Mga opensiba, tuluy-tuloy sa Luzon at Mindanao

May kabuuang 20 reaksyunaryong sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang napatay sa pakikipagsagupaan sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa iba't ibang bahagi ng Southern Mindanao nitong nakaraang Pebrero 25 at 26. Naglunsad naman ng mga aksyong atritibo ang mga yunit ng BHB sa buong Bicol at mga bahagi ng Southern Tagalog.

Sa pahayag ni Rigoberto F. Sanchez, tagapagsalita ng BHB-Southern Mindanao, epektibong binibigo ng BHB sa rehiyon ang malakihang mga operasyon ng AFP sa pamamagitan ng araw-araw na mga taktikal na opensiba sa Davao Oriental, Davao del Norte, Davao City at North Cotabato.

Noong Pebrero 25, alas-10:30 ng umaga, nakipagsagupaan ang mga yunit ng Mt. Apo Subregional Operations Command sa pinagsanib na pwersa ng 39th IB at 73rd IB CAFGU sa Sityo Balotakay, Barangay Managa sa Bansalan, North Cotabato. Umabot sa 11 ang patay sa kaaway at may ilan pang sundalong malubhang nasugatan.



Kinabukasan, siyam na sundalo ng 60th IB ang napatay nang makipag-engkwentro sa mga Pulang mandirigma ng Com-Val–North Davao–South Agusan Subregional Operations Command sa Sityo Madgao, Barangay Sagayen sa Asuncion, Davao del Norte. Dalawang Pulang mandirigma ang namartir sa labanan.

Matapos ang dalawang araw na engkwentro, naglunsad ng malawakang panganganyon at pambobomba ang AFP na naging sanhi ng paglikas ng 500 pamilya sa mga bayan ng Bansalan at Asuncion.

Apat na beses namang naglunsad ng harasment at isnayping ang mga yunit ng BHB-Far South Mindanao Region sa bayan ng Alabel sa Saranggani laban sa nag-ooperasyong mga tropa ng 73rd IB. Mula Pebrero 6-11; pitong kaaway ang napatay at di bababa sa tatlo ang sugatan. Sa sobrang taranta, nambomba at nanganyon ang AFP sa Barangay Datal.

Sa Bicol, mula Pebrero 6 hanggang 11 ay nakapaglunsad ng isang tambang, 10 harasment, at tatlong isnayping na nagresulta sa limang kaaway na patay at apat na sugatan. Isinagawa ito ng mga yunit ng Celso Minguez Command sa Casiguran, Barcelona, Gubat, at Magallanes sa Sorsogon; Jose Rapsing Command sa Aroroy, San Jacinto, Cataingan, at Claveria, sa Masbate; Edmundo Jacob Command sa Baao at Bato, Camarines Sur; at Santos Benamera Command sa Ligao at Daraga, Albay. Tinarget ang 93rd DRC, 507 PPSC, 2nd IB, at 22nd IB.

Tatlo naman ang patay sa serye ng mga isnayping ng Apolonio Mendoza Command sa mga Barangay Dau at San Francisco sa Lopez, Quezon laban sa 85th IB noong Pebrero 19 at 21.

Samantala, ipinahayag ni Ka Joaquin Jacinto, tagapagsalita ng National Democratic Front-Mindanao, na handa ang BHB na palayain ang anim na POW (*prisoner of war*) na kasalukuyang nasa kustodiya nito bilang tanda ng kabutihang-loob para sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaang NDFP-GRP.

Sina PFC Edwin Salan, Sgt. Solaiman Calucop, Pfc Samuel Garay, PO2 Jerome Natividad, Paramilitary Rene Doller at Paramilitary Carl Mark Nucos, ay nadakip ng BHB sa mga tsekpoynt sa iba't ibang bahagi ng Mindanao mula Enero 29 hanggang Pebrero 14. Ayon kay Jacinto, "ang aktwal na ligtas ng pagpapalaya ng nabanggit na mga POW ay maisasakatuparan lamang kapag ibigay ng AFP, PNP at Local Government Units ang kanilang lubos at buong kooperasyon. Kung wala ito, ang buhay ng mga POW at yaong tatanggap sa kanila ay mailalagay sa panganib. AB

### Kontraktwalisasyon, tuloy pa rin

SINUGOD NG mga manggagawa, sa pangunguna ng Kilusang Mayo Uno, ang Department of Labor and Employment (DOLE) noong Marso 7 para iprotesta ang binabalangkas na bagong kautusan na tiyak na magtatanggol sa iba't ibang iskema ng kontraktwalisasyon sa paggawa. Itinaon nila ang protesta sa pagpupulong ng Tripartite Industrial Peace Council, isang kapulungang instrumento sa maraming kontra-manggagawang pakana at iskema.

Dismayado ang mga manggagawa na pagkatapos ng walong buwan, wala pa ring nangyayari sa pangako ni Duterte na wakasan ang kontraktwalisasyon. Wala siyang maipresenta sa mga manggagawa kahit sa pinagmayabang niyang dayalogo sa Malacanang noong Pebrero 27. Sa halip na direkta itong harapin, ipinasa ni Duterte ang responsibilidad sa DOLE, na mula't sapul ay kontra sa kahilingan ng mga manggagawa na wakasan ang lahat ng klase ng kontraktwalisasyon.

# Ang Kababaihan sa Rebolusyong Oktubre

Ang pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihang Anakpawis ay nagmamarka kapwa sa mga tagumpay na nakamit na ng kababaihang anakpawis at sa mga karapatang dapat pang ipaglaban.




Pinatunayan ng kasaysayan na anumang pag-unlad sa kalagayan ng kababaihan ay nakakamit lamang sa pakikibaka, at laging nasa peligrong mabawi hangga't umiiral ang kapitalismo at labi ng pyudalismo na siyang pangunahing sumisiil sa kanila.

**Pagsulong ng karapatan**

Ang tagumpay ng Rebolusyong Oktubre ng 1917 ang nagdulot ng makasaysayang igpaw sa pagsulong ng pakikibaka ng kababaihan. Sa unang pagkakataon sa lipunang makauri, ang pagkakapantay ng mga kasarian ay hindi lamang sa pormal na batas. Sa pagpapabagsak sa sistemang kapitalista sa kanilang bayan nalikha ang kongkretong kundisyon upang matamo sa praktika ang pagkakapantay-pantay ng babae at lalaki. Ipinakita nito sa buong daigdig ang kakayahan ng uring manggagawa na isulong ang paglaya ng kababaihan sa pamamagitan ng isang sosyalistang rebolusyon.

Naglabas ang bagong sosyalistang gubyerno ng Deklarasyon ng mga Karapatan ng mga Mamamayan ng Russia na nagtakda ng pagwawakas ng dantaong patriyarkal at relihiyosong kapangyarihan ng pyudalismo at ng di pagkakapantay-pantay sa lahat ng larangan ng buhay panlipunan. Tinanggal ang mga restriksyon batay sa nasyunalidad o relihiyon, at itinatag ang ganap na pagkakapantay-pantay ng mga kasarian at ng mga nasyunalidad ng Russia. Ito ang unang estadong nagbawal sa diskriminasyon sa mga taong may piniling kasarian, bagamat noo'y hindi pa inabot ang antas ng pagkilala sa kasal sa pagitan ng mga homosekswal.

Isang buwan matapos ang tagumpay, inilabas ang mga dikreto ng pagkilala sa kasal na sibil at ng pagpapahintulot ng diborsyo sa kahilingan ng sinuman sa mag-asawa. Lubos pang pinagtibay ang mga ito noong Oktubre 1918 sa Kodigo sa Pag-aasawa, Pamilya at Pag-aalaga. Kabilang sa mga nilalaman nito ang ang karapatan ng mga bata na masuportahan ng magulang hanggang 18 taong gulang at ang karapatan ng bawat isa sa mag-asawa sa sarili nilang mga ari-arian.

Itinayo ng gubyerno ang mga panlipunan at pangkultural na pasilidad at komunal na serbisyo para sa mga manggagawang kababaihan upang mahatak sila sa mga programang pang-edukasyon at pagsasanay. Tiniyak ng bagong tayong gubyerno na makatanggap ang kababaihan ng sahod na kapareho ng kalalakihan. Itinaguyod ang kanilang karapatan sa pantay na edukasyon at empleyo.

Itinakda naman ng Kodigo ng Paggawa ng 1918 ang 30-minutong may bayad na breyk tuwing tatlong oras para magpasuso ng sanggol ang mga nagtatrabahong ina, ang walong linggong may sahod na *maternity leave*, mga pahingahan sa loob ng pabrika, libreng pangangalagang *prenata*l at pagkatapos manganak, at mga tulong pinansya.

Pinamahalaan ito ng Commission for the Protection of Mothers and Infants na pinamumunuan ni Dr. Vera Lebedeva. Mayroon itong mga klinikang pang-ina, upisinang pangkonsultasyon, lugar para sa pagpapasuso, narseri, at mga bahay pang-ina at sanggol.

Ipinagbawal din ang panggabing trabaho at obertaym sa mga buntis at nagpapasusong ina. Noong mga dekada 1920 at 1930, karaniwan ang pagbigay sa kababaihang manggagawa ng ilang araw na pahinga sa panahon ng pagregla, isang benepisyong hindi naipagkaloob ng alinmang estado. Para mabawasan ang pasanin ng mga nagtatrabahong ina sa gawaing-bahay, nagtayo ng mga komunal na kainan kung saan libre ang pagkain para sa lahat ng batang di lalampas sa 16-taong gulang. Pagdating ng 1920, isang milyong residente ng Petrograd, ang pinakamalaking sentro ng industriya, ang tumatangkilik sa ganitong mga kainan, at 93% ng populasyon ng Moscow, ang kapitolyo ng Soviet Union.

Tiniyak na magkaroon ng tahanan ang mga batang lansangan at ipinasok sa produktibong gawaing panlipunan ang mga puta.

**Papel ng kababaihan**

Hindi simpleng naghintay ang kababaihang manggagawa na "maghandog" ng mga batas at makinarya para sa kanila ang gubyerno. Bago, habang, at pagkatapos ng rebolusyon ay namuhunan ng lakas at pagsisikap ang kababaihan kapwa para sa sariling uri, bayan at kasarian.

Bago ng rebolusyon, sangkatlo ng lakas-paggawa sa industriya ng Russia ay kababaihan. Ibinandila nila ang mga kahingian sa pantay na sahod para sa pantay na paggawa, may bayad na *maternity leave*, at pasilidad sa pangangalaga ng bata sa mga pabrika. Daan-daang kababaihan ang sumapi sa Partido Komunista, at kalahok sila sa lahat ng aspeto ng gawain, hayag at lihim, bilang pinuno ng mga lokal na komi-

te, kuryer, propagandista at manunulat.

Masigla ang mga pangmasang pagkilos ng kababaihan sa Petrograd laban sa pagtaas ng presyo ng bilihin at sa digmaan, at inilalabas ang mga isyung ito sa pahayagang *Rabotnitsa* (Ang Babaeng Manggagawa). Ang Unang All-City Conference of Petrograd Working Women, noong Oktubre 1917, ay maagang nagtapos upang makalahok ang mga delegado nito sa insureksyon.

Noong 1919, itinayo ang Zhenotdel, ang seksyon ng kababaihan sa ilalim ng Komite Sentral ng Partido Komunista. Sa pamumuno nina Alexandra Kollontai at Inessa Armand, kinumpas nito ang iba't ibang komisyon ng kababaihan, hinimok ang mga babae na lumahok sa pakikibaka para sa sosyalismo, nilabanan ang kamangmangan ng kababaihan at naglunsad ng mga pag-aaral sa mga bagong batas, nag-organisa ng mga agraryong kooperatiba ng kababaihang magsasaka, at nagpaunlad sa kalagayan ng kababaihang Muslim sa Soviet Central Asia.

Inihalal ng mga kababaihang manggagawa sa bawat pabrika ang kinatawan nila sa Zhenotdel na nanungkulan sa loob ng tatlo hanggang anim na buwan. Nagsilbi silang mga obserber-aprentis sa iba't ibang sangay ng pampublikong aktibidad sa mga pabrika, sobyet, unyon, paaralan, ospital, at komunal na kusina, upang tiyaking gumagana ang mga batas at serbisyong para sa kababaihan.

Inilathala noong 1920 ang *Kommunistka* (Babaeng Komunista), isang magasin para sa kababaihang anakpawis na tumatalakay ng mga paraan para sa paglaya ng kababaihan hindi lamang sa batas at teorya kundi sa praktikal na pang-araw-araw na buhay sa pamilya at lipunan. Hindi rin pinalampas ang mga usapin sa sekswalidad, pag-aasawa, diborsyo, pag-ibig, moralidad, at paglaya ng kababaihan mula sa pang-aapi ng kalalakihan. Ang kababaihang manggagawa ang naging mga koresponsal para rito.

Malawakang nagboluntaryo ang kababaihan sa pagtatanggol ng sosyalistang gubyerno sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaidig. Hanggang 800,000 kababaihan ang sumapi sa Red Army na bumuo ng 3% ng buong hukbo. Karamihan sa kanila ay mga medik at nars, at mayroon ding mga piloto, isnayper, *machine gunner, crew* ng tangke at partisano. Halos 200,000 sa kanila ang tumanggap ng pagkilala o parangal. Noong 1935, umabot na sa 42% ng lakas-paggawa sa industriya ang kababaihan.

Ngunit sa ganap na panunumbalik ng kapitalismo at pagkakawatak-watak ng Soviet Union noong Agosto 1991, nasadlak ang uring manggagawa sa malubhang pang-aapi't pagsasamantala, at nabawi ang mga benepisyong ipinaglaban ng kababaihan. Malawak ang karalitaan at pamalagiang kawalang empleyo. Nawasak ang sistema ng pangangalaga ng bata at pagtulong sa mga ina, muling lumitaw ang mga batang lansangan, at lumaganap ang prostitusyon. AB

Ang artikulong ito ay ikaapat sa serye kaugnay sa pagdiriwang sa ika-100 taong anibersaryo ng Rebolusyong Oktubre.

### Ang Unang Marso 8

SA PAGGUNITA SA Marso 8, binabaybay ng pambansa-demokratikong kilusan ang militanteng tradisyon ng pakikibaka ng unang Pandaigdigang Araw ng Manggagawang Kababaihan mula 1911.

Bago nito, hiwa-hiwalay ang pagdiriwang ang mga kilusang kababaihan sa iba't ibang bahagi ng mundo. Noong Agosto 1910, sandaang sosyalistang kababaihan mula sa 17 bayan na delegado sa Internasyunal na Kumperensya ng Kababaihan sa Copenhagen, Denmark, ay nagtakda ng isang pandaigdigang araw ng kababaihang manggagawa upang bigyang-diin ang pakikibaka para sa pantay na karapatan, kabilang ang karapatan sa pagboto. Ipinanukala at pinangunahan ito ng dalawang sosyalistang German na sina Luise Zietz at Clara Zetkin.

Marso 19 nang sumunod na taon, mahigit isang milyong kababaihan ang naglunsad ng mga kilos-protesta sa Austria, Denmark, Germany at Switzerland. Mahigit 300 demonstrasyon ang inilunsad sa Austro-Hungarian Empire lamang. Ipinagdiwang naman ito sa Russia at London noong Marso 8, 1913.

Noong Pebrero 23, 1917 (Marso 8 sa kalendaryong Julian), sa Petrograd sa Russia, libu-libong kababaihan ang humugos sa lansangan sa panawagang "Bread and Peace" laban sa gutom, gyera at panunupil ng tsar. Sinuportahan ito ng mga saklaw-lunsod na welga ng mga manggagawa at umipon ng lakas hanggang maging pangkalahatang pampulitikang kilusan na dumulo sa pagbagsak ng Tsar ng Russia sa Rebolusyong Pebrero ng 1917.

Nang magtagumpay ang Rebolusyong Oktubre noong 1917, idineklara ng gubyerno na isang pista upisyal ang Marso 8 sa Soviet Union. Naging hudyat ito upang ipagdiwang din ng iba pang sosyalistang bayan ang naturang araw. Ipinagdiwang ito ng kababaihang komunista sa China mula 1922 at sa Spain mula 1936. Nang magtagumpay ang Partido Komunista ng China noong 1949, idineklara agad na pista upisyal ang Marso 8 at may kalahating araw na may bayad na bakasyon ang kababaihang manggagawa. Pinalabnaw ng United Nations ang militanteng tradisyon nito nang inideklara itong International Women's Day noong 1977 at sumabay na ang mga di sosyalistang bayan sa komersyalisado at walang saysay na mga tema ng pagdiriwang.